

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Pinanatili ng Lungsod ng Brampton ang malakas na AAA credit rating para sa 2020

BRAMPTON, ON (Oktubre 16, 2020) – Kahapon, kinumpirma ng [S&P Global Ratings \(S&P\) ang Triple 'A' rating ng Lungsod ng Brampton para sa 2020](#), ang pinakamataas na credit rating na pwedeng matanggap ng isang munisipyo, na may stable na pananaw. Ayon sa S&P, ang rating ay naglalarawan sa malakas na ekonomiya ng Lungsod at mga gawain sa pinansyal na pangangasiwa, na susuporta sa pagbangon nito mula sa COVID-19 pandemic.

Mga Highlight

Ang S&P ay nagpapahayag na ang mga factor na umaambag sa malakas na credit rating ng Lungsod ay kinabibilangan ng:

- Katangi-tanging posisyon ng liquidity, na may coverage ng serbisyo sa utang na mas malakas kaysa mga kasabayan.
- Mahusay na socioeconomic at demograpikong mga katangian, na may mas mata kaysa pambansang average ng populasyon at malusog na paglaki ng populasyon, pagiging malapit sa malalaking pamilyan, at kompetitibong rate ng buwis na nagpapahikayat sa mga bagong negosyo at mga pagkakataon sa pangengempleado sa lugar.
- Madaling ma-access na pagsisiwalat sa mahalagang impormasyon, at detalyadong badyet sa pagpapatakbo at kapital.

Ang stable na rating sa pananaw ay naglalarawan sa inaasahan ng S&P na muling magkakaroon ng momentum ang ekonomiya sa Brampton sa susunod na dalawang taon habang gumagaan ang mga limitasyon sa COVID-19, na sumusuporta sa malakas na performance ng Lungsod sa badyet at malusog na posisyon sa liquidity.

Mga Quote

“Sa loob ng huling dalawang taon, ang ating Konseho ay gumawa ng hakbang para ipagtibay ang mabuting gawain sa pinansyal na pangangasiwa sa Lungsod. Ang una sa halos 20 taon, naihatid natin ang tax freeze at napangasiwaan itong ipagpatuloy sa loob ng dalawang sunod-sunod na taon, habang gumagawa ng mga ambag sa rekord sa reserba. Nagsagawa rin tayo ng isang sulit sa pera na awdit na tumukoy ng \$7.2M sa potensyal na savings at rebuy ng mga capital na proyekto na tumukoy ng \$9.2 milyong pondo na ibabalik at gagamitin para sa mga bagong inisyatibo at natukoy ang \$10.5 milyon para sa karagdagang pagrebyu. Patuloy tayong gagawa ng mga pagsisikap na susuporta sa Brampton bilang Lungsod na Mabuti ang Pagpapatakbo, at tumulong sa pagpapasigla sa pagbangon mula sa pandemic.”

– *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang ating mga pagsisikap bago masimula ang pandemic ay nagpatibay sa reserba ng Lungsod at nakatulong na patibayin ang ating pinansyal na katayuan. Kahit na sa harap ng hindi inaasahang mga hamon na nakikita natin ngayon. Bilang isa sa pinakamabilis na lumalaking mga lungsod sa Canada, na matatagpuan sa Innovation Corridor, nananatili ang Brampton na isang susi sa sentro ng pag-unlad na nangangalaga sa talento at pagkakaiba-iba.”

– *Harkirat Singh, City Councillor, Wards 9 at 10; Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton*

“Nagsisikap tayo na patakbuhan nang mahusay ang Lungsod sa pamamagitan ng maingat na pagbalanse sa mga gastos habang ginagawang makabago ang ating mga operation. Para patuloy na umabante at mas suportahan ang ating mga residente, mga negosyo at mga mamumuhunan, lalo na habang tayo ay bumabangon mula sa mga epekto ng COVID-19 – nananatili tayong committed sa pag-una sa kahusayan sa serbisyo at pananalapi.”

– *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca